# Anti-drugs center sa Quezon City

Balita · 17 Oct 2018 · 3 · Chito Chavez

Bubuuin ng Quezon City Council ang Quezon City Special Anti-Illegal Drug Education Center sa layuning mabigyan ng kaalaman ang kabataan tungkol sa masamang epekto ng paggamit ng ilegal na droga at pagiging sugapa.

Sinabi ni Vice-Mayor Joy Belmonte na ang sentro ay magsisilbing pangunahing educational institution sa lungsod para sa drug abuse prevention.

Una sa kanyang uri sa bansa, ang youthfocused anti-drug education center ay magiging responsable sa teaching modules at materials katuwang ang Department of Education (DepEd) at sa pagpapakalat ng mga materyal na ito sa elementary, secondary, at tertiary public and private schools.

Magsasagawa rin ang sentro ng up-to-date information campaigns at iba pang drug prevention activities para sa out-of-school youth, street children, at informal sectors.